ISANG TALINO ANG IYONG WIKA

Mga Rekomendasyon para sa Asset-Based na Wika

ANO ANG IBIG SABIHIN NG ASSET-BASED?

Posibleng nakatanggap ka ng mga dokumento mula sa iyong paaralan, na inilalarawan ang iyong mag-aaral bilang isang **English Language Learner (ELL)**. Bagama't natututo ng English ang iyong anak, iminumungkahi namin ang paggamit ng terminong **multilingual na mag-aaral** para maitampok ang mga wikang ginagamit ng iyong anak bilang mga talino, sa halip na mga hadlang.

Ang ginagamit nating wika ay nakakaapeto sa kung paano tinitingnan ng mundo ang iyong anak. Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba kung paano makikita bilang talino o hadlang ang mga wika ni Susannah.



PAGTINGIN SA IYONG WIKA BILANG HADLANG (DEFICIT-BASED)

- Nalilito si Susannah sa pagitan ng dalawa o higit pang wika
- Ilang tunog ng titik sa English lang ang alam ni Susannah
- Masyadong makapal ang accent ni Susannah, kaya malamang ay hindi siya nakakaunawa ng English
- Dapat ka lang makipag-usap kay Susannah sa English dahil kapag nakipag-usap ka sa kanya sa ibang wika, babagal ang pagkatuto niya sa English

PAGTINGIN SA IYONG WIKA BILANG ISANG TALINO (ASSET-BASED)

- Ginagamit ni Susannah ang lahat ng kanyang wika para maipahayag ang kanyang saloobin
- May alam si Susannah na ilang tunog ng titik sa English AT mga pamantayang kasanayan sa kanyang (mga) wikang ginagamit sa bahay
- Ang accent ni Susannah ay indikasyon ng kanyang talino sa paggamit ng maraming wika
- Ang pakikipag-usap kay Susannah sa kanyang wikang ginagamit sa bahay ay makakatulong na:
  - matutunan at mapahalagahan ang kanyang wikang ginagamit sa bahay at ang English
  - mapanatili ang koneksyon sa kanyang pamilya at kultura

LEARNING, TEACHING psesd AND FAMILY SUPPORT